

Sepsis Kaya Ito?

Ang sepsis ay maaaring magdibelop mula sa mga karaniwang impeksyon at ito'y maaaring mauwi sa pagkasira ng organ at sa kamatayan. Bihirang nangyayari ang sepsis, pero maaari itong mangyari sa sinomang bata o adult.

Mahirap minsang malaman kung ang iyong anak ay may sepsis. Kapag nalalaman mo ang mga sintomas ng sepsis at kumuha ka kaagad ng medikal na tulong sa lalong maddaling panahon, maaari mong iligtas ang buhay ng iyong anak.

Ang mga sintomas ng sepsis ay maaaring magbago nang mabilis. Kumuha ng medikal na tulong kung ang iyong anak ay may sakit at may alinman sa mga sintomas sa ibabâ. Kumuha ng medikal na payô, kahit kamakailan lamang natingnan ng isang health care provider ang iyong anak. Laging tanungin kung "Sepsis Kaya Ito?"

KUNG PARANG MAY PROBLEMA, KUMUHA NG TULONG. IKAW ANG NAKAKAALAM SA KONDISYON NG IYONG ANAK.

Ang alinmang ISA sa mga sintomas na ito ay maaaring mangahulugan na ang iyong anak ay may sakit at maaaring may sepsis:

inaantok, nanlalambot,
o mahirap gisingin



mabilis o
nahhirapang
huminga



HUMINGI NG
MEDIKAL NA PANGANGALAGA
NGAYON DIN

pantal-pantal na hindi
nawawala kapag pinisil



malamig, may batik-batik,
o maputlang balat

seizure



grabeng pananakit o
masyadong restless o
hindi mapakali

